

Taon XXXVII Blg. 12 Hunyo 21, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Hinuhukay ni Arroyo ang sariling paglilibingan

Avelino Cruz sa pagmamayabang na madudurog ng rehimeng US-Arroyo ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa loob ng sampung taon. Mas lalong hibang si Gloria Arroyo sa pag-aakalang magagapi niya ang BHB sa loob ng isa hanggang dalawang taon dahil lamang sa pagdaragdag ng isang bilyong piso sa badyet ng AFP at pagpapaigting ng todo-gera laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Walang batayan ang mga pangarap at deklarasyon nilang ito. Patuloy ang pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong armadong kilusan. Tampok ang sunud-sunod na tagumpay

ng BHB laluna nitong nagdaang mga buwan. Lumalawak at tumatatag ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa at patuloy na sumusulong ang paglaban ng mamamayan sa mga antinasyunal at anti-demokratikong patakaran, balakin at hakbangin ng rehimen.

Ang tunay na layunin ng gayong deklarasyon ni Arroyo ay pasiklaban at akitin ang suporta pa rin sa kanya ng imperyalismong US at mga kapanalig niyang reaksyunaryo. Nais din niyang tabunan ang patung-patong na mga kaso ng katiwalian, karumal-dumal

na mga krimen at pananagutan niya sa bayan at bigyan ng lisensya ang todo-todong pasistang pangaatake sa mamamayan.

Mabibigo ang "end game" ni Arroyo. Hindi na siya natuto sa paulit-ulit na kabiguan ng lahat ng Internal Security Operations Plan (oplan) ng AFP sa nagdaang tatlong dekada mula sa Oplan Katatagan ni

> Marcos hanggang sa Oplan Bantay Laya nitong 2002.

Katulad ng mga nagdaang "oplan," tiyak na mabibigo ang hibang na pangarap ni Arroyo na mabilisang durugin ang rebolusyonaryong kilusan. Hindi

> ti-mamamayan at antinasyunal na rehimeng Arroyo at mga armadong galamay nito ang PKP, BHB at buong rebolusyonaryong kilusan na kumakatawan sa mga pwersang pasulong, pa-

maqaqapi nq bulok, an-

triyotiko at maka-mamamayan. Lalong lumalalim ang galit ng mamamayan sa rehimeng Arroyo at sa mga armadong galamay nito. Sa kabilang banda,

mahigpit nilang sinusuportahan, kinakalinga at minama-

Mga tampok sa isyung ito...

Mga aksyong-militar ng BHB sa NCMR Gawain sa bidyo sa SMR

PAHINA 7

Ka Apol, bagong mandirigma PAHINA 9 hal ang kanilang hukbong bayan.

Napatutunayan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa praktika ang katumpakan ng kanilang pambansa-demokratikong pakikibaka at pagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya alinsunod sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Sa gayon, nakapag-iipon ang BHB at mga rebolusyonaryong pwersa ng sunud-sunod na mga tagumpay sa pakikipaglaban sa mga reaksyunaryo at pasistang pwersa ng estado.

Walang pag-asang magtatagumpay ang kontra-rebolusyon. Ang AFP na nasa taliba ng kontrarebolusyon ay bulok sa kaibuturan. Ang pinagsisilbihan at ipinagtatanggol nitong sistema ay ubod rin nang bulok. Katulad ng laging nangyayari sa perang inilalaan dito, ang idaragdag na ₱1 bilyong pondo para sa AFP at PNP av ibubulsa lamang ng mga heneral na pinapalayaw ni Arroyo at paq-aagawan ng mga upisyal militar at pulis. Lalo lamang nitong palalalimin ang hidwaan, palalawakin ang disgusto sa hanay ng mga ordinaryong kawal at pahihinain ang kapasyahan at epektibidad na lumaban ng buong sandatahang pwersa.

Malalim ang pagkakahati-hati sa hanay ng AFP-PNP laluna sa pagitan ng mga namumunong bulok, pasista at maka-Arrovo at mga disgustadong nakabababang upisyal at karaniwang tauhan. Dumarami sa kanila ang handang tumalikod at tahasang lumaban sa rehimen, kabilang ang ilang malalaki at espesyal na panlabang yunit. May namumunong seksyon din sa hanay nilang nagdadala na ng mga patriyotiko at demokratikong adhikain at bukas sa pakikipag-ugnayan, pakikipag-alyansa at pakikipagtulungan sa mga rebolusyonaryong pwersa at sa hayag na demokratikong kilusan.

Lalong pagsahol ng maruming gera. Sa harap ng sunud-sunod na mga kabiguan at pinsalang tinatamo ng mga reaksyunaryong sandatahang pwersa, lalong nagiging marumi ang inilulunsad nitong gera. Hindi ang mga rebolusyonaryong armadong pwersa na may kakayahang magdepensa at lumaban ang pangunahing target nito kundi ang mga di armadong sibilyan at mga demokratikong pwersang kumikilos at nakikibaka sa larangang ligal. Sila ang tunay na target ng

mga pasistang atake ng rehimeng Arrovo.

Sa nagdaang dalawang taon lamang, mahigit 300 na ang pinaslang ng mga death squad na pinakawalan ng rehimen para likidahin ang mga progresibong lider at aktibista ng hayag na kilusang demokratiko. Nilagpasan na ng rehimeng Arroyo ang lahat ng nakaraang papet na rehimen, maging ang lantarang pasistang diktadurang Marcos sa bilang ng mga biktima ng mga pampulitikang asasinasyon.

Asahang lalong dudumi ang maruming gera ni Arroyo. Sila mismo ang umaamin na "hindi maiiwasan" ang pagkakadamay ng mga sibilyan sa mga atake ng AFP. Tiyak na magiging higit na malupit at mabagsik sa mamamayan ang kampanyang panunupil at terorismo ng militar, pulis at mga death squad.

Asahang ibayong darami ang kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao laluna sa Central at Southern Luzon kung saan nakatakdang ibuhos ang 4,500 pang karagdagang pwersa. Partikular sa Central Luzon, target na isagawa ang pagsosona sa lahat ng baryo sa mga bayan ng Bulacan, Pampanga at Nueva Ecija.

**Bubwelta kay Arroyo ang "maruming gera."** Sa walang pakundangang paghahasik ng terorismo ng estado, inuupat ni Arroyo ang mamamayan na ibayong isulong ang kanilang rebolusyonaryong paglaban. Hinuhukay lamang niya ang kanyang sariling paglilibingan.

Hindi basta-basta mapalulugmok at mapayuyukod ang mamamayang Pilipino ng mga pasistang hagupit ni Arroyo. Bagkus, lalo lamang silang mamumuhi sa kalupitan ng kanyang rehimen. Sa harap ng mga ito, kailangang-kailangang pag-ibayuhin ng mamamayang Pilipino ang kanilang paglaban sa la-

sundan sa "Naghuhukay...," pahina 3

# ANG Bayan

Taon XXXVII Blq. 12 Hunyo 21, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Eartoryal	
Hinuhukay ni Arroyo	
ang sariling paglilibingan	1
Aksyong militar sa NCMR	4
Pagparusa sa death squad sa MisOc	4
Pananalanta ng pasistang estado	
Walang awat na pamamaslang	5
Panggigipit kay Ka Joema	6
Kaso laban sa B5, ipinatigil	6
Ayuda ng Japan, pinatitigil	6
Gawaing bidyo sa SMR	7
Ka Apol, bagong mandirigma	8
Pagrerekrut ng mersenaryong Pilipino	10
Paggamit ng US ng mga mersenaryo	11
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

### Isang bilyong pisong gimik laban sa korapsyon

Nagkakaisa ang iba't ibang mga sektor at personahe na isang malaking gimik lamang ni Arroyo ang paglalaan ng ₱1 bilyon para labanan umano ang korapsyon.

Ibubulsa lamang ito ng mga tiwali at korap na upisyal ng gubyernong Ar- rovo.

Katunayan, kasabay ng deklarasyon ng paglaban sa korapsyon, tumambad ang malaking katiwalian sa pagbili ng Philippine National Police ng halagang ₱322 milyong mga sasakyan at baril na hindi idinaan sa public bidding.

Lantad na lantad sa publiko ang malalaking kaso ng pandarambong sa kabang-bayan ni Gloria Arroyo, ng kanyang asawa, mga anak at pinakamalalapit na alipures. Ito ay sa kabila ng paghadlang ng Malakanyang sa isinasagawang imbestigasyon sa malalaking kaso ng katiwalian.

Mismong si Ombudsman Merceditas Gutierrez ay umamin na ₱1.3 trilyon na ang nawawala mula sa pondo ng gubyerno bunga ng katiwalian mula nang umupo si Arro-

yo bilang presidente noong 2001.

Kabilang sa malalaking kaso ng korapsyon ang sumusunod:

1) Paggamit
ng pampublikong pondo para sa kampanyang eleksyon ni Arroyo no-

ong 2004, kabilang ang

₱2.9 bilyong pondong pang-agrikultura, ₱544 milyong pondo mula sa narekober na nakaw na yaman ni Marcos, ₱2 bilyong Road-Users' Tax at ₱4 bilyong pondo ng Philhealth;

- 2) Sobrang pagpepresyo sa ₱1.1 bilyong halagang Diosdado Macapagal Boulevard;
- 3) Pagtanggap ng \$14 milyong suhol sa kontrata sa Philippine International Air Terminals Co. Inc.;
- 4) Pagtanggap ng \$20 milyong suhol sa proyekto sa Caliraya Power Plant na ibinigay sa Industrias Metallurgicas Pescarmona Sociedad Anonima-Argentina;
- 5) Sobrang pagpepresyo sa \$6 milyong kontrata sa pagitan ng Pilipinas at Lockheed para sa mga pangangailangan ng AFP;
- 6) Daan-daan milyong pisong regular na hinahakot sa Malakanyang ni Philippine Games and Amusements Corp. Chairman Efraim Genuino.
- 7) Pagbigay ng karapatang bilhin ang Masinloc Power Plant sa YNN Pacific Consortium Inc. samantalang wala naman itong aktwal na puhunan kundi ang kuneksyon sa Malakanyang

#### "Naghuhukay...," mula pahina 2

hat ng larangan upang wakasan sa lalong madaling panahon ang papet at pasistang rehimeng Arroyo.

Kailangang higit pang palawakin at palakasin ang kilusang masa at alyansang anti-Arroyo at puspusang isulong at paigtingin ang kampanyang masa para sa pagpapatalsik ng bogus, bulok, pasista at papet na rehimen. Ang mga pagkilos sa lansangan, mga paaralan, upisina at mga pamayanan ay kailangang pasiglahin habang patuloy na ginagamit ang mga imbestigasyon, parlamento at mga korte.

Kailangang patuloy na mahimok ang pinakamalaking bilang ng mga elemento sa sandatahang lakas ng gubyerno upang talikuran na ang rehimen, pumanig sa mamamayan at isanib sa kanilang paglaban ang pagbaka sa antinasyunal, anti-mamamayan at pasistang rehimeng Arroyo.

Higit kailanman, lalo ngayong naipakikita ng tindi ng pagkakabusabos at kaapihan ng mamamayan ang katumpakan at pangangailangang maisulong at mapaigting ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ito ang sagot ng mga rebolusyonaryong pwersa sa nauulol na pag-atake ng rehimen sa mamayan.

Kailangang ibayong isulong ang mga taktikal na opensiba laban sa mga sandatahan at pasistang pwersa ng rehimeng Arroyo. Kailangang pagbayarin nang mahal ang rehimen at mga pasistang heneral at galamay nito sa bawat buhay na kinitil nila. Kailangang papanagutin sa kanilang mga utang-na-dugo at iba pang karumal-dumal na krimen sa bayan ang mga pusakal na pasista at maka-Arroyong upisyal, yunit at pwersang militar. Malaki ang maiaambag ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa pagtatapos sa kamuhi-muhing rehimeng Arroyo.

Sa pagpaparami at pagpapatindi ng mga taktikal na opensiba, ang dagdag na armas na ibibigay ni Arroyo sa AFP-PNP ay mapasasakamay ng BHB at mamamayan kalaunan. Hindi lamang mabibigo ang AFP-PNP na puksain ang mga rebolusyonaryong pwersa, patuloy pa silang lalakas at magtatagumpay. Tiyak na masasaksihan nila ang paglisan ng rehimeng Arroyo sa Malakanyang.

Sa North Central Mindanao Region

## Mga armadong aksyon ng BHB

imang sundalo ang napatay, kabilang ang isang tinyente, at di bababa sa apat ang nasugatan sa sunud-sunod na mga aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa North Central Mindanao Region ngayong Hunyo. Isang aksyong pamarusa rin ang inilunsad ng BHB sa rehiyon. Samantala, daan-daang sibilyan na ang nagbakwit bunga ng matitinding operasyong militar ng AFP sa lugar.

Pinakahuli sa mga armadong aksyon ng BHB ang harasment na inilunsad ng Rexan Perez Command (RPC) laban sa mga nag-ooperasyong elemento ng 26th IB noong Hunyo 16-17 sa Sityo Bindom, Barangay Busdi, Malaybalay, Bukidnon. Tatlong sundalo ang napatay at tatlo ang nasugatan sa mga aksyong militar na ito.

Bago ito, napatay ang punong upisyal ng 26th IB na si 2Lt. Al Mier nang maglunsad ng operasyong isnayp ang mga mandirigma ng RPC noong Hunyo 12 sa Barangay Zamboanguita, Malaybalay.

Noong araw ding iyon ay dalawang beses na hinaras ng isang iskwad mula sa Jabagat-Acenas Guerilla Unit sa ilalim ng Eking Balacuit Command ang mga nagpapatrolyang tropa ng 8th IB sa Abakahan, Mat-i sa bayan ng Claveria, Misamis Oriental. Isang sundalo ang napatay at di mabilang ang nasugatan sa harasment.

Dalawa ring aksyong pamamarusa ang isinagawa ng BHB nitong unang bahagi ng Hunyo.

Pinarusahan ng RPC noong gabi ng Hunyo 8 sa Sityo Tagpaniki sa barangay din ng Zamboanguita ang Concepcion Basic Builders Inc., isang abusadong kumpanya sa konstruksyon. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang dalawang concrete mixer, tatlong dumptruck, isang payloader, isang buldoser, isang pison, isang grader, isang

compressor at isang motor. Nakakumpiska rin ang mga gerilya ng isang kalibre .38 rebolber. Ang Concepcion Basic Builders, na pag-aari ni Ong Oh, ay aktibong kumokontra sa rebolusyonaryong kilusan at napakamapagsamantala sa mga manggagawa nito. Pangatlong beses na itong pinarusahan ng BHB. Una na itong ginawaran ng parusa sa Butuan City at Surigao del Sur.

Dahil sa sunud-sunod na pinsalang tinamo nito sa kamay ng BHB, mga di armadong sibilyan ang binalingan ng galit ng AFP. Mahigit 70 pamilya (humigit-kumulang 350 katao) mula sa mga bulubunduking sityo ng Mahayag, Malilong, Biernesa at Baloodo sa Zamboanguita, bukod pa sa mga residente ng kalapit na baryo ng St. Peter ang na-

tungo sa sentro
ng Zamboanguita nang mag-istraping ang isang
helikopter na
Huey sa Mt.
Pantaron sa
hangganan
ng Bukidnon
at Agusan
del Sur. Bunga ng mabangis na
operasyong mi-

pilitang magbakwit

litar, "no man's land" sa kasalukuyan ang mga eryang nabanggit. Ibig sabihin, sinumang makita ng kaaway sa lugar, sibilyan man o armado, ay babarilin nila.

### Elemento ng death squad, pinarusahan

GINAWARAN ng rebolusyonaryong parusa ang isang elemento ng death squad ng AFP sa Misamis Occidental nitong Hunyo. Si Cpl. Oliver Berja ng Philippine Army Intelligence Group ay pinarusahan ng isang pangkat ng mga partisano sa ilalim ng Front Monterosa Command sa pamilihang bayan ng Calamba noong umaga ng Hunyo 4.

Si Berja ay isa sa mga pinakapusakal na mamamatay-tao na tumatarget sa mga di armadong aktibista at pinagsususpetsahang tagasuporta ng armadong rebolusyonaryong kilusan sa Misamis Occidental.

Responsable si Berja sa pagpatay kay Junie Halem, aktibista ng Bayan Muna na pinaslang sa Barangay Sulipat, Calamba noong Disyembre 2005. Si Berja rin ang iligal na dumakip at pumatay kay Aniceto Cainila, kapitan ng barangay ng San Isidro, Calamba at pinalalabas ng AFP na simpatisador ng BHB. Aktibong nagmantini si Berja ng lambat paniktik sa mga bayan ng Lopez Jaena, Plaridel, Calamba at Sapang Dalaga sa Misamis Occidental.



## Walang awat na pamamaslang

Iniutos ni Arroyo nitong Hunyo 16 ang paglalaan ng ₱1 bilyong pondo para durugin umano ang rebolusyonaryong kilusan sa loob ng dalawang taon. Tuwang-tuwa si Maj. Gen. Jovito Palparan, numero unong berdugo ng rehimen at hepe ng 7th ID, na agad nag-utos ng pagibayo at pagpapalawak ng kampanyang militar sa Central Luzon.

Partikular na tinukoy ni Palparan ang mga bayan ng Lubao at Sasmuan sa Pampanga bilang mga target ng kampanya. Isusunod raw ang mga bayan ng General Tinio at Peñaranda at ang Gapan City sa Nueva Ecija.

Noong nakaraang linggo, iniutos ni Palparan ang deployment ng 500 sundalo at pagtatayo ng mga detatsment sa 57 barangay sa City of San Fernando, Angeles City at Mabalacat sa Pampanga at sa Malolos City, Bulacan, Obando, Hagonoy, Pandi at Sta. Maria sa Bulacan.

Binatikos ng iba't ibang progresibong partido at organisasyon ang bagong kautusan. Anila, lalo ngayong nalalagay sa panganib ang kanilang mga kasapi na pilit iniuugnay ng rehimen sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Nangangamba silang lalo ngayong lalakas ang loob ng mga mamamatay-tao ng rehimen na gawin ang kanilang kampanya ng paghahasik ng lagim.

Sumusunod ang pinakahuling naiulat na mga kaso ng pasistang pamamaslang:

Hunyo 20. Pinatay ng mga nakamaskarang lalaki si Eladio Dasian, aktibista ng Karapatan, sa Guihulngan, Negros Oriental. Nagmomotorsiklo si Dasian nang banggain siya ng isang dyip na may sakay na apat na lalaki. Bumaba ang naturang mga lalaki at binaril siya.

**Hunyo 19.** Pinaslang ng mga di nakilalang lalaki ang mag-asawang sina Mazel at George Vigo sa Kidapawan City. Si Mazel ay dating kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan at *media liaison officer* ni Rep. Emmylou Talinio-Santos (Unang Distrito, North Cotabato). Isa ring aktibista si George. Pauwi sila mula sa palengke nang maganap ang pananambang.

**Hunyo 17.** Pinaslang ng dalawang nakamotorsiklong lalaki sa Barangay Loboc, Oroquieta City si Tito Marata, *media officer* ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Western Mindanao.

Pinara ng isang lalaki ang

traysikel na sinasakyan ni Marata at binaril siya matapos pababain ang drayber.

**Hunyo 12.** Pinaslang ng dalawang nakamotorsiklong lalaki sa Bongabon, Nueva Ecija si Rodolfo de los Santos, lider ng Alyansang Magbubukid sa Gitnang Luzon.

**Hunyo 8.** Pinatay ng nakamaskarang mga lalaking sakay ng isang *van* si Rafael Markus Bangit, lider ng Cordillera People's Alliance at Bayan Muna.

Nagbibyahe siya noon mula sa Kalinga patungong Baguio City. Nangyari ang pamamaslang habang pansamantalang nakatigil sa Pines Restaurant sa San Isidro, Isabela ang sinasakyan niyang bus.

## Gloria, ipokrita

Pinawalambisa na ng reaksyunaryong gubyerno nitong Hunyo 6 ang parusang kamatayan.

Pinagpursigihan ng Malakanyang ang pagpapawalambisang ito bilang bahagi ng pagsisikap ni Arroyo na magpabango sa Simbahang Katoliko at umalpas sa di mamamatay-matay na kwestyon sa pagiging lehitimo ng kanyang rehimen.

Akala mo kung sinong santa si Arroyo na nagsesermon tungkol sa kasagraduhan ng buhay ng tao.


Samantalang tuluyan nang ipinasasara ang lethal injection chamber ng Bilibid, pinag-iibayo naman ang pamamaslang sa mga aktibista, peryodista o sinumang akalaing kaaway ng rehimen. Habang nagpapakita ng umano'y pagkahabag sa mga sentensyadong kriminal, sinesentensyahan naman sa labas ng husgado ang mga taong walang ibang krimen kundi labanan ang isang kriminal na rehimen.

Kung tutuusin, kinumpleto lamang ang paglilipat sa kamay ng mga mamamatay-tao ng AFP at PNP ng kapangyarihang maghatol at magpataw ng parusang kamatayan sa sinumang kanilang mapagdiskitahan.

Ikinakatwiran ng rehimen na hindi kailanman naging epektibo ang parusang kamatayan para sugpuin ang kriminalidad. Sa totoo lang, ang kriminalidad ay hindi kailanman masusugpo ng isang gubyernong siya mismong naghahasik ng pinakakarumal-dumal na mga krimen.

# Pang-iipit kay Ka Joema Sison

Patuloy ang panggigipit ng rehimeng Arroyo kay Kasamang Jose Ma. Sison. Nitong Hunyo, inianunsyo ng mga alipures ng rehimen ang pagsasampa ng aabot sa 632 kaso laban sa kanya sa iba't ibang korte sa Pilipinas at sa The Netherlands kung saan nakatira ngayon si Ka Joema.



Kabilang sa isasampa ang kasong pagpatay diumano kina Romulo Kintanar at Arturo Tabara. Si Kintanar at si Tabara ay kapwa napaslang sa mga operasyon ng pang-aaresto sa kanila ng BHB. Nakakainsulto at malaking paninira ang pagbibintang ng rehimen na sangkot siya sa ilan sa mga kaso ng pamamaslang ng mga death squad sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon. Inaakusahan din siya ng rehimen na nag-utos sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar mula noong 2003.

Lagi't laging bahagi ng panghaharas at panggigipit ng rehimen ang pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso. Ginagamit ito ng rehimen upang ilihis ang atensyon ng mamamayan sa humahabang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao at sa mga kaso ng pandaraya sa eleksyon, korapsyon at iba pa. Sa isang pahayag, sinabi ni Ka Joema na hindi mawawala sa atensyon ng mamamayan ang pananagutan ng rehimeng US-Arroyo sa pagpatay sa 680 ligal na mga aktibista, ang pwersahang pagkawala at tortyur ng daan-daan at malawakang pananalakay ng militar sa uring manggagagawa sa iba't ibang rehiyon.


Hindi saklaw ng hurisdiksyon ng Pilipinas si Ka Joema sa ilalim ng internasyunal na batas. Bilang isang political refugee, pinoprotektahan siya ng Refugee Convention at Article 3 of the European Convention on Human Rights. Kabilang sa ipinagbabawal ng naturang mga alintuntunin ay ang pagpapatalsik kay Ka Joema saanmang bansa tungo sa anumang lugar na maglalagay sa kanya sa banta ng tortyur at di makataong pagtrato. Dagdag pa, walang extradition treaty sa pagitan ng Pilipinas at ng The Netherlands.

#### Kaso ng Batasan 5, ipinatitigil

INIUTOS ng Korte Suprema nitong Hunyo 14 sa Department of Justice (DoJ) na itigil na ang pagdinig sa kasong rebelyon laban sa Batasan 5 at 40 iba pa hangga't hindi nareresolba ang usapin hinggil sa ligalidad ng nauna nang isinampang kasong rebelyon laban kina Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran ng Anakpawis at 1Lt. Lawrence San Juan. Una nang ibinasura ng Makati RTC Branch 137 ang kasong rebelyon laban kina Rep. Satur Ocampo, Teddy Casiño at Joel Virador ng Bayan Muna, Rafael Mariano ng Anakpawis at Liza Maza ng Gabriela Women's Party dahil labag sa proseso ang pagdaragdag ng kanilang mga pangalan sa listahan ng mga akusado sa kasong rebelyon na isinampa laban kina Ka Bel.

#### Japan, hinikayat na iurong ang ayuda

IGINIGIIT ng mga internasyunal na organisasyong pangkalikasan sa gubyernong Japan
na repasuhin ang programa
nito sa ayudang pangkaunlaran
(development aid) para sa gubyerno sa Pilipinas dahil sa lumalaking bilang ng mga pina-



patay na aktibistang maka-kalikasan dito. Kabilang sa mga organisasyong pangkalikasang ito ang Friends of the Earth (FoE)-Japan, International Rivers Network (IRN) na nakabase sa US, Korean Asian NGO Center at ang Yon Ghe Community University of Taiwan.

Ang mga pondong galing sa Japan ay napupunta sa mga proyektong pang-enerhiya, dam at pagmimina.

Nananawagan ang naturang mga organisasyon sa gubyernong Arroyo na itigil ang pamamaslang at harasment sa mga *environmentalist* na lumalaban sa pagmimina, iligal na pagtotroso at iba pang-aabuso sa kalikasan. Umaabot na sa 15 aktibistang maka-kalikasan ang pinapaslang sa ilalim ng rehimeng Arroyo. May dalawa ring dinukot o sinaktan.

Isa sa mga pinakahuling biktima si Jose Doton, pinuno ng Tignay dagiti Mannalon a Mangwayawaya ti Agno (TIMMAWA) na katuwang ng mga non-governmental organization na Japanese sa paglaban sa mapangwasak na San Roque Multipurpose Dam Project. Si Doton ay pinaslang sa San Nicolas, Pangasinan noong Mayo. Dinukot naman noong Marso sa Baler, Aurora ng mga pinaghihinalaang elemento ng 48th IB si Joey Estriber, isang aktibista at brodkaster na kilala sa pagbatikos niya sa iligal na pagtotroso sa prubinsya.



## Gawaing bidyo sa Southern Mindanao

inuo ng Merardo Arce Command-BHB (Southern Mindanao Regional Operational Command) noong 2005 ang Pulang Bagani Productions (PBP). Tugon ito sa panawagan ng Partido na pasiglahin ang paglalabas ng mga produksyong bidyo bilang pantulong sa edukasyong masa at propaganda.

Malaking hamon sa mga kasamang itinalaga rito ang pagpapatupad ng kanilang tungkulin sa harap ng kakulangan ng kaalaman sa ganitong gawain at midyum. Subalit matapos na maisagawa ang mga batayang pagsasanay, matagumpay na inilabas ng PBP ang una nilang produksyong pinamagatang "Rebolusyonaryong Medik." Itinanghal sa bidyo ang mataas na antas ng kasanayan at kaalaman ng mga medik ng BHB sa paggagamot at pag-oopera. Tinulungan sila ng mga kasamang may karanasan sa mga operasyong medikal.

Umani ang produksyong ito ng mga positibong komentaryo mula sa mga nakapanood at nagbigayinspirasyon sa PBP na higit na paunlarin ang kanilang kakayahan at gawain.

#### Dokumentasyon ng mga taktikal na opensiba

Ang pagbwelo ng mga taktikal na opensiba sa rehiyon noong nagdaang taon ang kasunod na tinutukan ng PBP. Nagsimulang magbalangkas ang Merardo Arce Command at PBP ng mga plano kung papaano ang magiging kondukta sa pagkuha ng bidyo sa mga aksyong militar.

Isa sa mga tinukoy na gagawan ng bidyo ang planong reyd sa himpilan ng PNP sa munisipyo ng Magpet, North Cotabato noong Hunyo 26, 2005. Mula sa pagpaplano hanggang sa aktwal na reyd at pagatras, kasama ng yunit na nagsagawa ng reyd ang isang myembro ng

PBP na humawak ng kamera. Itinalaga siya sa isang tim ng BHB upang makunan niya ang aktwal na pagpasok at pagpapasuko sa mga pulis. Nagtalaga ng mga kasamang mangangalaga sa kanyang seguridad at nag-isyu sa kanya ng maigsing baril para sa kanyang depensa.

Tatlong linggo matapos ang naturang reyd, inilabas ng PBP ang "Kilab" (iglap o diklap sa Bisaya) na masusing nagdokumento sa taktikal na opensiba. Sa loob ng 25 minuto, naisalaysay sa malinaw at buhay na paraan masusing paghahanda ng naq-opensibang yunit-musa paqpaplano hangqanq 4 sa aktwal paglulunsad ng reyd. Ipinakita ang iba't ibang antas ng pagpaplano, kasama na ang paghahanda ng *relief map* upang magkaroon ng malinaw na ideya ang mga kasama sa latag ng kanilang target na himpilan ng PNP. Naipakita rin ang aktwal na operasyon, mula sa pagbibyahe, mabilis at sistematikong pagpasok sa kampo, pagpapasuko sa mga pulis na nasa loob nito, pagsamsam ng mga gamit at armas at ligtas na pag-atras. Kuhang-kuha ang tagumpay ng reyd na walang putok kung saan nakasamsam ang mga kasama ng 24 na armas sa loob lamang ng walong minuto.

Daqdaq sa taqumpay nq aktwal na reyd, naipakita rin sa bidyo ang mataas na antas ng kakayahan ng mga Pulang kumander at mandirigma sa gawaing paniktik at ang mahigpit na disiplina ng BHB sa pagsunod sa mga internasyunal na makataong batas at alituntunin sa

> digmaan. Pinarami at pinalaganap ang "Kilab" sa mga larangang gerilya, sa mga bayan at sa masmidya.

Ang karanasang ito

ang naging tuntungan sa higit pang pagpapaunlad sa sistema ng pagkuha ng bidyo sa sumunod pang mga taktikal na opensiba. Ilan sa mga ito ang ambus sa Montevista, Compostela

> mqa reyd sa mqa himpilan **PNP** nq sa Quezon, Bukidnon; sa Loreto, Aqusan del Sur; at sa Lingiq, Surigao del Sur.

Valley

#### Alternatibong pelikula

Naglabas din ang PBP at ang Public Information Bureau ng Merardo Arce Command noong Oktubre 2005 ng isang 30-minutong in-

Sundan sa "Bidyo...," pahina 8

## Ka Apol, bagong mandirigma

las-9:00 ng umaga sa loob ng kampo ng BHB-Front 14 sa hangganan ng Surigao del Sur at Agusan del Sur.

Masayang nagkakantahan ang isang grupo ng mga
Pulang mandirigma. Nag-eensayo sila para sa pangkulturang pagtatatanghal na ilulunsad sa gabi sa kalapit na baryo. Isa sa mga may katangi-tanging boses si Ka Apol.

Si Ka Apol ay isang 23 taong gulang na dalaga na sumapi sa BHB noon lamang Pebrero. Nakapaloob siya sa isang platun sa isang larangang gerilya sa Northeast Mindanao Region (NEMR). Katatapos lang niya ng kursong edukasyon sa isa sa mga unibersidad sa Mindanao noong 2005.

Naging aktibo si Ka Apol sa pamantasan kaugnay ng mga usaping pangkampus at pambansa simula 2004. Noong 2005, nirekluta siya sa Kabataang Makabayan at malao'y itinalaga bilang upisyal pang-edukasyon ng kanyang kolektibo. Nang magtapos, nagpasya siyang kumilos nang pultaym sa hanay ng mga estudyante.

Noong Pebrero 2006, pinaunlakan ng kanyang kolektibo ang kanyang kahilingang mag-eksposyur sa kanayunan nang tatlong buwan. Pero matapos ang ilang araw ng integrasyon sa isang yunit gerilya ay nagdesisyon siyang sumapi sa BHB, na pinayagan naman ng kanyang kolektibo.

Si Ka Apol ay isa sa sam-

pung kabataang
bagong sapi sa
BHB-Front 14.
Anim sa kanila ay babae at apat ang lalaki. Tatlo sa kanila ay
galing sa mga unibersidad sa mga syudad ng Mindanao.
Bukod sa kanila,
mayroon ding tatlong
babaeng estudyante na

nag-eeksposyur. Ang pagsapi ng mga bagong

sundan sa pahina 9

#### "Bidyo...," mula sa pahina 7


terbyu kay Leonardo Pitao na mas kilala sa pangalang Ka Parago. Tampok dito ang mga pananaw ukol sa mga nagbabagang isyung pambansa at lokal, pati na rin ang kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan. Ang paglalabas ng interbyung ito ay sampal din sa 73rd IB na bago ito'y nagdeklarang dadakpin si Ka Parago sa loob ng anim na buwan. Ang produksyong ito ay malawakang ipinamahagi sa loob at labas ng bansa. Ipinalabas din ito sa lokal na telebisyon sa loob ng tatlong magkakasunod na araw.

Nito namang Nobyembre 2005, nakapagpalabas ang PBP at Magtanggol Roque Command (Front 51 Operational Command) ng isang bidyo ng pagpaparangal kay Renante "Ka Benjie" Edisa, 32. Si Ka Benjie na tumatayong kalihim ng naturang larangan ay pinatay ng AFP noong Nobyembre 21, 2004 nang salakayin ng mga elemento ng 39th IB ang bahay na kanyang hinihimpilan. Sa bidyong ito, pinatunayan sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa mga nakasaksi sa pang-aatake ng militar at sa paglalahad ng mga materyal na ebidensya na walang kalaban-labang pinaslang ng AFP si Ka Benjie. Taliwas ito sa pinalalabas ng militar na nanlaban siya sa isang armadong engkwentro.

Sa gitna ng laganap na impluwensya ng pyudal at burges na telebisyon at mga pelikula maging sa loob mismo ng mga sona at larangang gerilya, nagsisilbing alternatibo sa mga burges na pelikula ang mga rebolusyonaryong bidyodokumentaryo. Ipinamamahagi sa mga taumbaryo sa mga sona at larangang gerilya sa rehiyon ang mga rebolusyonaryong pelikula. Naglulunsad ng sama-samang panonood sa mga baryo laluna sa mga lugar kung saan may kuryente, telebi-

syon at DVD/VCD player. Ipinapalabas naman ito sa pamamagitan ng mga laptop computer sa mga kampo at iba pang lugar na walang kuryente. Malaki rin ang naiaambag nito bilang suplementong materyal sa mga pag-aaral. Sa ganitong paraan ay nagagawang mas kasiya-siya at madaling naipaparating sa masa ang buod ng mga paksang tinatalakay.

Sa loob lamang ng isang taon, matagumpay na naipopularisa ang mga rebolusyonaryong bidyo-dokumentaryo at pelikula sa hanay ng masa at mga kaalyado sa saklaw ng mga larangang gerilya at sa mga naiimpluwensyahang lugar. Kinapananabikan ng mga manonood nito ang bawat produksyong ipinapamahagi ng Pulang Bagani Productions lalupa't mahigpit na nakakawing ang mga ito sa mga pakikibakang masa at naiuugnay sa maiinit na lokal na isyung panlipunan.



kabataang rekrut sa BHB-Front 14 ay bunga ng kolektibong tugon ng rehiyon sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na pagibayuhin ang rekrutment para sa hukbong bayan mula sa hanay ng kabataan-estudyante. Batid ng rebolusyonaryong kilusan ang pangangailangan para sa kasanayan at kaalaman ng mga kabataang nakapag-aral upang higit pang mapaunlad at maisulong ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan.

Bunga ng ganitong pagpapahalaga sa mga maiaambag nila at panawagan na sumanib sa armadong rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan, naging posible ang pagpapaunlad ng maraming kabataang katulad ni Ka Apol na handang humarap sa mga hamon at gawain laluna sa kanayunan.

Ang mga kabataan at estudyante na sumasapi sa Front 14 ay agad na sinasanay sa iba't ibang gawain sa hukbo. Ayon kay Ka Bong, kumander ng naturang larangan, pinakamadaling angkupan ng kabataang galing sa syudad ang mga gawaing may kinalaman sa kanilang partikular na kasanayan at kaalaman, tulad ng gawain sa edukasyon, propaganda, medikal, mga gawaing teknikal

sa yunit.

Ayon pa kay Ka Bong,
totoong nahihirapan ang
mga kabataan-estudyante
sa mga bagay na hindi nila nakasanayan tulad ng paglalakad nang
malayo, pagtrabaho sa bukid, paggising nang napakaaga at mga katulad na gawi ng mga magsasaka.
Ngunit ang mga bagay na ito ay

madali ring natututunan ng mga

bagong mandirigma at nakaiigpaw

sila sa mga limitasyon.

Sa kaso ni Ka Apol, isa sa mga kahirapang dinaanan niya ay ang paggising nang alas-4 ng umaga at ang pabagu-bagong oras ng paggising nang mas maaga pa kapag may halinhinan sa paggugwardya. Subalit magaan niya itong tinanggap dahil alam niya ang kahalagahan nito sa buhay-gerilya at sa buhay ng lahat ng kasama sa yunit. Dinaranas din niya ang kahirapan sa malayong paglalakad laluna kung maputik at madulas ang mga daan sa panahon ng tag-ulan. Nariyan ding nagkakaroon siya ng mga sugat dulot ng mga natatapakang tinik at matatalas na bato, nasasaging mga putol na sanga na nakausli sa daraanan at iba pa. Naranasan na rin niyang magutom nang iblokeyo ng nag-ooperasyong kaaway ang mga ruta ng suplay. Pero sabi niya, "ang lahat ng hirap ay panandalian lamang at madaling napangingibabawan kapag ang nasa isip ay ang magagandang hinahangad na layunin." Dagdag pa niya, "Kahit mahirap ang mga trabaho rito sa hukbo at ang kalagayan dito sa kanayunan, maligaya ako sa piling ng mga kasama at masa. Malaki ang naitutulong nila sa akin upang maging masigasig at determinado sa harap ng mga kahirapan at limitasyon."

Bago pa man siya sumampa ay mataas na ang turing ni Ka Apol sa BHB. Nagdalawang-isip lamang siya kung kakayanin ng isang "kolehiyalang" katulad niya ang buhay gerilya. Malaki, aniya, ang naitulong sa kanya nang mabasa niya ang artikulo sa *AB* tungkol kay Ka Nadia (tingnan ang isyung Enero 21, 2006). Nagbigay ito ng inspirasyon at kumpyansa sa kanya na magpanibagong-hubog, magpursigi sa pagsapi sa BHB at tularan ang mga katulad ni Ka Nadia.

Batid ng mga magulang ni Ka Apol ang kanyang pagkilos. Nababahala sila para sa kanyang kaligtasan pero nirerespeto nila ang paninindigan at kapasyahan ng kanilang panganay na anak. Mayamang magsasaka ang uring pinanggalingan ng mga magulang ni Ka Apol. Dati rin silang mga kasapi ng mga organisasyong masa ng mga magsasaka noong dekada 1980 subalit nanlumo dahil sa mga pinsalang idinulot ng mga paglihis. Tanda ng panibagong sigla at tiwala nila sa rebolusyonaryong kilusan ang pagsuporta nila sa pagsapi ni Ka Apol sa hukbong bayan.

Sa ngayon ay hinihintay ni Ka Apol at iba pang kabataang bagong sapi sa Front 14 ang paglulunsad ng pormal na pagsasanay sa pulitiko-militar. Tulad ng iba pang bagong kasapi ng BHB, handa siyang maitalaga saanmang larangan matapos ang treyning at iba pang mga pag-aaral na kanyang dadaanan.

## Pagrerekrut ng mga mersenaryong Pilipino

ng pagrerekrut ng mga Pilipino bilang mersenaryo para sa agresyon at okupasyon ng US sa Afghanistan, Iraq at iba pang bansa ay labis na lumalapastangan sa pambansang soberanya ng Pilipinas at mga pinanghihimasukang bansa. Labag ito sa mga internasyunal na batas at sa sibilisadong kondukta sa digmaan. Pinasasahol nito ang imperyalistang agresyon ng US at nagbabanta ng ibayong panghihimasok militar ng US sa bansa gamit ang mga armadong mersenaryo laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at maging mga hayag at ligal na demokratikong kilusan sa Pilipinas.

Dito, isinasagawa ang pangrerekrut sa pamamagitan ng Blackwater USA at Triple Canopy, mga pasistang kontratistang militar na nagsusuplay ng mga mersernaryo para sa US. Upang magmukhang ligal ang kanilang operasyon, pinalalabas ng mga ito na sila ay nagrerekrut lamang ng mga security consultant, security specialist at qwardya.

Kinakasangkapan ng Blackwater ang mga suson ng mga kumpanya bilang pangkober sa operasyon nito ng pagrerekrut ng mga mersenaryo. Isang placement agency na rehistrado sa Philippine Overseas Employment Agency ang nagsasagawa ng rekrutment ng mga Pilipino upang magsilbing mga security quard sa US Embassy sa Afghanistan. Ang pagsasanay sa kanila sa jungle survival at close quarter combat ay isinasagawa ng Satelles Solutions Inc., isang lokal na kumpanyang kumakatawan sa Greystone Ltd, ang internasyunal na bisig ng Blackwater.

Panay ang pagmamaang-maangan at pagtatanggi nina Executive Secretary Eduardo Ermita at National Security

Adviser Norberto

Gonzales

tungkol

sa Blackwater at sa anumang kinalaman ng Malakanyang dito. Ngunit maraming mga aktwal na dokumento at testigong nagbunyag na binasbasan ng Malakanyang, sa pamamagitan ng Office of the President, ang operasyon ng Blackwater at ng mga kumpanyang nagsisilbing kober nito. Sa interbensyon ng Malakanyang, binigyang-pahintulot ni Fil Salonga, tagapangulo ng Subic Bay Metropolitan Authority, ang Satelles na isagawa ang kanilang "negosyo." Batay sa memorandum ng kasunduan sa pagitan ng Satelles at Subic Bay Metropolitan Authority para sa paggamit ng Satelles na may petsang Mayo 29, pinahihintulutan ang Satelles na magtayo ng recruitment center at gamitin ang dalawang ektaryang lupain at dalawang malaking gusali roon para sa mga pagsasanay (kabilang sa pinahintulutan ang pagtatayo ng firing range) at operasyon sa Subic Freeport sa loob ng tatlong taon.

Pinalalawak muli ngayon ng Blackwater USA at iba pang *private military company* (PMC) ang rekrutment ng mga mersenaryo sa mga malakolonya ng US dahil malaki

ang natitipid nito. Nasa 20% lamang ang ibinabayad nito sa mga mersenaryo mula sa mga atrasadong bansa (\$1,000-\$1,750 bawat buwan o .050,000 bawat taon) kumpara

P1,050,000 bawat taon) kumpara sa mga mersenaryong Amerikano (\$5,000-\$7,500 bawat buwan).

Target ng rekrutment ng Blackwater ang aktibo at dating mga pwersa ng mga Special Operations Unit ng AFP katulad ng Army Scout Rangers, Army Special Forces, Air Force Special Operations Wing, Navy Special Warfare Group at Marines Force Recon. Target din nila ang mga kagawad ng PNP Special Action Force. Madali silang naaakit dahil mas malaki kaysa kasalukuyan ang tatanggapin nilang sweldo bilang mga mersenaryo.

May ilang mersenaryong Pilipino nang naipadala ang Blackwater sa Iraq sa kabila ng upisyal na pagbabawal na magtrabaho roon. May mga kakutsaba sa Department of Foreign Affairs ang Blackwater at Triple Canopy, isa pang kumpanyang nagrerekrut ng mga mersenaryo. Kundi man, pinadadaan sila sa Saudi Arabia o iba pang bansa at mula roo'y inilulusot sila sa Iraq. Ang higit na marami nang nareklutang mersenaryo mula sa Pilipinas na ipinadala sa Iraq (mahigit 300, karamihan mga dating sundalo) ay ang Triple Canopy na itinayo ng mga dating myembro ng US Special Forces at nagtatag na rin ng ahensyang pangrekrut nito sa Subic. Balak ng Triple Canopy na magrekluta ng mga 1,000 mersenaryong Pilipino bawat buwan.

Marapat lamang na puspusang ilantad, kundenahin at palayasin ang Blackwater, Triple Canopy at iba pang ahensyang nagrerekrut ng mga mersenaryo mula sa Pilipinas upang isabak sa mga gerang agresyon at okupasyon ng US sa ibang bansa. May posibilidad na ang mga nirerekrut na mersenaryong Pilipino ay gagamitin din ng US laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at maging sa mga hayag at ligal na demokratikong kilusan sa Pilipinas.

# Ang paggamit ng US ng mga mersenaryo sa panggegera

aganap ang paggamit ng US ng mga mersenaryo sa isinasagawa nitong okupasyon sa bansang Iraq at Afghanistan. Di bababa sa 25,000 mga armadong mersenaryo ng US ang nakadeploy ngayon sa Iraq, Afghanistan at iba pang bansa. Karamihan sa nirerekrut na mersenaryo ay mga Amerikano, ngunit marami na rin ang nagmula sa iba't ibang bansa tulad ng Chile, Colombia, El Salvador, Nicaragua, Peru, Fiji, India, Pilipinas, Bosnia at South Africa. Halos pareho ang bilang ng mga mersenaryo at regular na sundalo ng US sa Iraq at Afghanistan.

Ang mga mersenaryo ay nire-rekrut at sinasanay ng mga tinata-wag na mga private military company (PMC) tulad ng Blackwater USA at Triple Canopy.

May tatlong pangunahing layunin ang US sa paggamit ng mga mersenaryo: Una, upang mailihim o maidisimula ang pagdedeploy ng karagdagang pwersang panlaban at panseguridad nila at maiwasan ang papalawak na mga pagbatikos sa

midya, protesta ng mamamayan at lalong
pagkakahiwalay ni US
President George W.
Bush. Lalong lumalakas ang pagtutol sa
gera sa Iraq at Afghanistan sa harap ng lumalaking bilang ng
kaswalting Amerikano. Nitong Hunyo
2006, umabot na
ang mga kaswalti sa ka-

buuang bilang na 2,500 patay at mahigit 18,000 sugatan o nalumpo. May mas malaking bilang pa ng natroma kundi man tuluyang nasiraan ng ulo. Sa paggamit ng mga mersenaryo, napalalabas na mas maliit ang bilang ng mga kasalukuyang nakadeploy na mga sundalong Amerikano at ang tinamo nilang kaswalti dahil hindi isinasama ng US sa upisyal na bilang nito ang mga mersenaryo.

Ikalawa, patuloy ang pagliit ng bilang ng mga bagong rekrut ng militar ng US. Kinulang nang 10% noong nagdaang taon ang rekrutment sa US Army at 25% naman sa US National Guard. Bahagyang pinupunuan ito sa pamamagitan ng pagpapalawig ng tour of duty (panunungkulan) ng kanilang mga

sundalo. Ang kakulangan sa mga regular na sundalo ay pinupunan sa

pamamagi-

tan ng pag-

gamit ng mga mersenaryo.

Ikatlo, sa pamamagitan ng mga mersenaryo, naikukubli ng US ang mga "espesyal na operasyon" na hindi katanggap-tanggap sa publiko at ipinagbabawal ng mga batas ng US at ng internasyunal na alituntunin sa digmaan. Dahil kumikilos sila nang lihim at hindi nasasaklaw ng mga batas, sa kanila madalas ipinagagawa ang marurumi at karumal-dumal na operasyong hindi maaaring ligal at havagang gawin ng mga regular na pwersang militar. Sa gayon, maiiwasang madungisan ang regular na mga sandatahang pwersa at ang qubyerno ng US. Kabilang sa mga

madalas na ipagawa ng militar ng US sa mga mersenaryo ang pagtortyur at pagmama-

lupit sa mga bilanggo sa mga kulungan ng US sa ibang bansa, tulad sa Abu Ghraib (Iraq) at sa Guantanamo Bay (Cuba).

Marami rin sa kanila ang pinagsisilbing mga gwardya sa mga kampo militar o badigard ng matataas na upisyal ng US sa mga okupadong bansa.

## Ano ang mga mersenaryo?

Ang mga mersenaryo ay mga bayarang sundalong hindi kabilang sa regular na armadong pwersa ng isang bansa. Lumalahok sila sa mga armadong labanan para sa kanilang personal na kapakinabangan lamang. Ang paggamit ng mga mersenaryo ay salungat sa pandaigdigang mga alituntunin sa digmaan at hindi kinikilala ng Geneva Conventions. Ang mga mersenaryo ay hindi kabilang sa mga pwersang maaaring gawaran ng mga karapatan bilang bihag-ng-digma o prisoner of war. Hindi katanggap-tanggap ang mga mersenaryo sa anumang sulok ng daigdig, kaya mas madalas silang ginagamit nang lihim at sa mga operasyong iligal.

# Ang Blackwater at Triple Canopy

Ang Blackwater USA ay itinayo noong 1997 upang magsuplay ng pribadong pwersang magsisilbing di-upisyal na karagdagan sa mga regular na militar ng US. Itinayo ito ni Erike Prince, isang dating sundalo ng Navy SEAL at ultra-konserbatibong tagasuporta ng partidong Republican at ni President George W. Bush ng US.

Pinakamalaking kontratista ang Blackwater para sa mga pangangailangang panseguridad sa US at isa sa mga pangunahing nakinabang sa gera ng US sa Iraq. Mula 2001, lumaki nang mahigit 300% ang kita ng Blackwater. Kabilang ang Blackwater sa mga nagsuplay ng pwersang ginamit ng US sa paglusob sa Fallujah noong Nobyembre 2004, kung saan daan-daang sibilyan ang walang awang minasaker ng mga armadong tropang Amerikano.

Ang Triple Canopy naman ay itinayo ng mga beterano ng Delta Unit, isang yunit ng US Special Forces. Nakabase ito sa Chicago, Illinois sa US. Sa kasalukuyan ay mayroon itong mahigit 1,000 tauhan sa Iraq. Dalawandaan dito'y mga Amerikano at ang karamihan ay nagmula sa Chile at Fiji. Nagrerekrut din ito sa Peru, Colom-

bia, Pilipinas at El Salvador. Noong 2004, may \$90 milyong anim-na-buwang kontrata ito "gwardyahan" ang 13 upisyal ng kolonyal qubyernong itinayo sa Iraq noong 2003. Ang mga upisyal ng Triple Canopy ay mga mahiqpit ding tagasuporta ng partidong Republican at kampanyang pang-eleksyon tambalang Bush-Cheney sa US.



## Pagbatikos sa Cha-cha



Mariing binatikos noong Hunyo 12 ang charter change (cha-cha) o pagbabago sa konstitusyon na itinutulak ng gubyernong Arroyo. Ipinamalas ito ng libu-libong demonstrador sa iba't ibang panig ng bansa habang ginugunita ang ika-108 anibersaryo ng kalayaan ng bansa mula sa kolonyalismong Espanyol noong 1898.

Sa Maynila, hindi napigilan ng 6,000 pulis at 300 sundalo ang paglulunsad ng martsa-rali ng mahigit 10,000 laban sa

"Cha-cha". Nagsalimbayan ang mga bandilang pula, puti at asul nang magtipon sila bandang hapon sa Liwasang Bonifacio. Sa Caloocan City, 3,000 ang nagrali sa monumento ni Gat Andres Bonifacio. Kinundena nila ang kawalan ng kalayaan at laganap na karalitaan.

Pinakamalaking mobilisasyon ang ginanap sa Negros Occidental kung saan mahigit 15,000 ang nagmartsa at nagtipon sa Bacolod City. Sa pangunguna ni Bishop Vicente Navarra, binatikos ng mga raliyista ang pagsusulong ng Malakanyang ng *cha-cha* at ang Philippine Mining Act at nanawagan silang ipagpatuloy ang paglaban para sa tunay na kalayaan.

Sa Iloilo City naman, pinangunahan ni Archbishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) ang tatlong kilometrong martsa ng may 3,000 anti-Arroyong pwersa mula sa Jaro Plaza patungong Provincial Capitol Grounds. Kinundena ni Lagdameo ang kawalan ng aksyon ng gubyernong Arroyo sa dumaraming problema sa bansa at nanawagan siyang labanan ang mistulang diktadurang pamamalakad ng rehimen.

Naging marahas naman ang mga pulis sa Kawit, Cavite. Hinuli nila ang 13 manggagawa at estudyanteng nagpoprotesta, kabilang si Ma. Theresa Pangilinan, na dati nang hinuli dahil sa pagsigaw niya ng "pekeng presidente" nang magtalumpati si Gloria Arroyo sa Cavite State University noong Abril. Pinakawalan ang mga aktibista pagkalipas ng tatlong oras.

Sa Davao City, hindi nakapasok sa lunsod ang mga nagrarali dahil hinarang na sila sa daan ng mga sundalo ng Task Force Davao. Ang mga raliyista ay nagmula sa Compostela Valley, Davao del Sur at Davao del Norte.

Nagkaroon din ng mga kilos protesta sa Baguio, City of San Fernando, Legazpi City, Cebu at sa iba pang lunsod sa Mindanao.



#### 🖚 Rali laban sa CARP, marahas na binuwag

AABOT sa 5,000 magsasaka mula sa Southern Tagalog at Central Luzon ang tumungong Maynila upang kundenahin ang huwad na reporma sa lupa ng gubyer-

no at ang tumitinding pasismo laban sa kanilang mga organisasyon at komunidad nitong Hunyo 8-12.

Tumungo sila, kasama ang kanilang mga tagasuporta noong Hunyo 9 sa Mendiola. Hindi pa man sila nakakatuntong sa Mendiola, sinalubong na sila ng daan-daang mga pulis at marahas na binuwag ang kanilang hanay. Marami ang nasaktan, kabilang ang dalawa na nagtamo ng mga sugat sa ulo at kinailangang dalhin sa ospital. Pagdating nila sa tulay ng Mendiola, sinalubong sila ng mga water cannon at muling marahas na binuwag ang kanilang hanay.

Itinaon ng mga magsasaka ang kanilang mga pagkilos sa ika-18 taong anibersaryo ng ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) noong Hunyo 10. Mariing kinundena ng mga magsasaka ang pakana ng rehimen na palawigin pa hanggang 2013 ang kontra-magsasakang CARP.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at PAMALAKAYA, gagamitin lamang ng rehimeng Arroyo ang ekstensyon ng CARP hindi para magpamahagi ng dagdag na lupa kundi para daluyan ng pondong maaaring kurakutin niya at ng kanyang mga alipures. Napatunayan na ni Arroyo na epektibong nagagamit ang CARP para huthutin ang perang nakalaan para sa mga magsasaka. Ito ang ginawa niya sa nakaw na yaman ng mga Marcos na nakalaan para rito.

Hindi kailanman nakinabang ang mga magsasaka sa bogus na CARP. Nagamit pa ito upang ipagkait sa mga magsasaka ang kanilang lupa at konsolidahin ang monopolyo ng mga panginoong maylupa. Katunayan, ayon pa sa KMP, naging instrumento pa ang CARP upang lalo pang palakasin ang malalaking panginoong maylupa katulad ni Eduardo "Danding" Cojuancgco, na siya ngayong numero unong mang-aagaw ng lupa sa buong bansa.

#### Pamamahagi ng lupa sa Hacienda Luisita, ipinatigil

TINUTULAN ng mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita ang inilabas kamakailan na temporary restraining order ng Korte Suprema laban sa desisyong ipamahagi na sa mga benepisyaryo ang 6,000 ektarya ng asyenda. Iniutos ng Korte Suprema nitong Hunyo 16 na pansamantalang itigil ang planong pamamahagi alinsunod sa kahilingan ng Hacienda Luisita Incorporated (HLI) ng pamilyang Cojuangco. Idinadahilan ng HLI na labag sa Stock Distribution Option Agreement (SDOA) na pinirmahan umano ng mga manggagawang bukid noong 1989 ang kasalukuyang desisyon ng Presidential Agrarian Reform Council at DAR na ibasura ang iskemang SDO sa asyenda.

Sa harap nito, nangako ang mga manggagawang bukid at ang United Luisita Workers Union (ULWU) na patuloy nilang igigiit ang kanilang karapatan na bungkalin ang lupa sa asyenda.

# Pambobomba, gawa-gawa ng rehimen

TINANGKA ng rehimen na takutin ang mamamayan sa pamamagitan ng sunud-sunod na pagpapasabog ng bomba sa iba't ibang bahagi ng bansa nitong nakaraang linggo. Naganap ang unang pagpapasabog sa gusali ng Grepalife sa Makati City noong Hunyo 6. Mabilis itong sinundan ng pagpapasaboq ng bomba sa harap ng bahay ng jueteng lord na si Rodolfo "Bong" Pineda sa Lubao, Pampanga noong Hunyo 9. Kasunod nito ay pinasabugan ang mga istasyon ng pulisya sa Quezon City at Lawton sa Manila noong Hunyo 11. Pagkatapos ay nagkaroon din ng pagpapasabog nitong Hunyo 13 sa loob mismo ng hedkwarters ng National Capital Regional Police Office sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan, Taguig City. Ang pinakahuling pagsabog ay naganap sa Makati City nitong Hunyo 19.

Ang mga pambobombang ito ay ibinibintang ng PNP at ng rehimen sa isang grupong nagngangalang Taong Bayan at Kawal (Tabak) ngunit pinabubulaanan naman ito ng Tabak. Idinawit pa nito ang grupo ni dating Sen. Gregorio "Gringo" Honasan at kung sinu-sino pang grupo.

Gamit ang mga pambobomba, itinambol ng rehimen ang posibilidad ng muling pagpataw ng "state of national emergency" o kapareho nito para kontrolin ang kilos ng mamamayan at masupil ang mga karapatang sibil.

Ginagamit din ito upang takutin ang mamamayan sa pagdalo sa mga nakatakdang mga pagkilos laban kay Arroyo, laluna't pinangangambahan ng Malakanyang ang malalaking protestang rali laban dito sa panahon ng SONA. "Tinitiyak" ng rehimen na magtutuluy-tuloy ang mga pambobomba hanggang pagkatapos ng "State of the Nation Address" (SONA) ni Arroyo sa Hulyo 24.



#### Kayamanan ni Arroyo, dumoble

HALOS nadoble ang halaga ng mga ari-arian ni Gloria Arroyo mula nang siya ay maupo siyang pangalawang pangulo ng Pilipinas. Ayon sa isinumite niyang 2005 Statement of Assets and Liabilities, umaabot sa P79.2 milyon ang kanyang kayamanan, mas mataas nang 90% kung ikukumpara noong 1999 kung kailan P41.5 milyon ang halaga ng kanyang ari-arian at bise-presidente pa siya ni Estrada.

Umaabot sa P55 milyon and pera sa bangko ng mag-asawang Arroyo at P6 milyon sa mga ari-arian. Nailista ang pinakahuling biniling lupain sa Coron, Palawan nitong 2005 sa halagang ₱2 milyon. Iniulat ding mayroon silang ₱6.8 milyong halaga ng mga sasakyan; ₱3.4 milyong mga alahas at umaabot sa P7 milyong halaga ng mga ari-ariang minana, muwebles at mga libro. Kulang ang mga inilahad niya dahil hindi nakalista bilang pag-aari nila ang LTA (Lourdes Tuason Arroyo) Building sa Makati, ang bahay sa Forbes Park at La Vista Village sa Metro Manila, ang mga lupaing agrikultural ni Atty. Miguel Arroyo sa Negros Occidental at ang mga bahay at lupa nila sa US.

#### Tusong maniobra ni Arroyo sa paggawa ng badyet

PINALALABAS ng Malakanyang na hindi naisabatas ang panukalang badyet ng 2006 dahil sa pagmamatigas ng Senado. Ngunit kung titingnan ang mga pangyayari, makikitang di tunay na interesado ang Malakanyang na maisabatas ang bagong badyet at mas gusto nitong muling isabatas ang badyet ng 2005.

Sa loob ng walong ' buwan, sadya nitong ibinimbin ang pagsusumite ng panukalang bad-Kongreso. yet sa Nang malapit nang magtapos ang sesyon nito, tusong ipinapasok ni Arroyo sa mga alipures niya sa Kongreso ang mga probisyon para sa pork barrel ng mga kongresista at kanyang sarili at ipinagpilitan sa Senado na ipasa ito. Kabilang dito ang ₱64 bilyong pondo ng Malakanyang na naglalaman ng P3 bilyong pondo para sa Kilos Asenso Support Fund at ₱3.69 bilyon para sa Kalayaan Barangay Fund, dalawang programang tuwirang

wa batbat ng anomalya.

Tumanggi ang Senado na sang-ayunan ang mga probisyong ito ng badyet. Batid nito na gagamitin lamang ito ni Arroyo upang bilhin ang katapatan ng mga lokal na upisyal at ipantustos sa kan-

> yang ambisyong baguhin ang konstitusyon. Bunga nito, nagkaroon ng dalawang bersyon ang badyet ang bersyon ng Kongreso at ng Senado.

Naobligang gamitin ulit ang badyet ng 2005 bagay na paborable pa rin sa Malakanyang dahil ang kabuuang pondo ng gu-

byerno ay mapapailalim ngayon sa mga desisyon nito. Kabilang dito ang pondo para sa mga proyektong natapos na o napaglaanan na noong nakaraang taon. Dahil ang lahat ng mga probisyon sa badyet ay walang malinaw na alokasyon, maaari na itong ilaan ni Arroyo saan man niya gustuhin. Sa katustuusan, ang kabuuang P907 bilyong badyet noong nakaraang taon ay pawang magiging pork barrel ni Arroyo.

#### Mga upisyal-militar, sangkot sa dayaan-Sen. Biazon

nasa ilalim ng presidente at kap-

KINUMPIRMA ni Sen. Rodolfo Biazon, puno ng Senate National Defense Committee, na sangkot ang mga upisyal-militar sa dayaan noong eleksyong 2004 na nagpanalo kay Arroyo. Inianunsyo ito ni Biazon noong Hunyo 16 nang ipahayag niya ang pinal na ulat ng kanyang komite na nag-imbestiga sa kinalaman ng matataas na upisyal ng AFP sa dayaan. Ani Biazon, sapat at matibay ang hawak na

ebidensya ng kanyang komite na nagpapatunay na malawakan ang dayaan sa halalan noong 2004. Pangunahing imbwelto sa dayaan si dating Comelec Commissioner Virgilio Garcillano. Sa AFP, sangkot si Lt. Gen. Hermogenes Esperon na ngayo'y hepe ng Philippine Army, tatlo pang heneral at iba pang matataas na upisyal ng AFP.

Inatasan ng AFP noong Hulyo 2005 si Vice Adm. Mateo Mayuga ng Phil. Navy na magsagawa ng imbestigasyon sa pandaraya. Noon pang Nobyembre ito natapos subalit hanggang ngayon ay tumatanggi ang rehimen na isapubliko ang mga resulta nito dahil sa dami ng anomalyang nahalungkat nito. Ang tanging gustong palitawin ng Malakanyang na resulta ay ang pagabswelto nito kay Esperon at iba pang matataas na upisyal na malapit kay Arroyo.



Taon XXXVII Blg. 12 Hunyo 21, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Hinuhukay ni Arroyo ang sariling paglilibingan

angangarap nang gising si Defense Secretary Avelino Cruz sa pagmamayabang na madudurog ng rehimeng US-Arroyo ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa loob ng sampung taon. Mas lalong hibang si Gloria Arroyo sa pag-aakalang magagapi niya ang BHB sa loob ng isa hanggang dalawang taon dahil lamang sa pagdaragdag ng isang bilyong piso sa badvet ng AFP at pagpapaigting ng todo-gera la-

ban sa rebolusyonaryong kilusan. Walang batayan ang mga pangarap at dek-

larasyon nilang ito. Patuloy ang pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong armadong kilusan. Tampok ang sunud-sunod na tagumpay ng BHB laluna nitong nagdaang mga bu-

wan. Lumalawak at tumatatag ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa at patulov na sumusulong ang paglaban ng mamamayan sa mga antinasyunal at anti-demokratikong patakaran, balakin at hakbangin ng rehimen.

Ang tunay na layunin ng gayong deklarasyon ni Arroyo ay pasiklaban at akitin ang suporta pa rin sa kanya ng impervalismong US at mga kapanaliq niyang reaksyunaryo. Nais din niyang tabunan ang patung-patong na mga kaso ng katiwalian, karumal-dumal

na mga krimen at pananagutan niya sa bayan at bigyan ng lisensya ang todo-todong pasistang pangaatake sa mamamayan.

Mabibigo ang "end game" ni Arroyo. Hindi na siya natuto sa paulit-ulit na kabiguan ng lahat ng Internal Security Operations Plan (oplan) ng AFP sa nagdaang tatlong dekada mula sa Oplan Katatagan ni

Marcos hanggang sa Oplan Bantay La-

ya nitong 2002.

Katulad ng mga nagdaang "oplan," tiyak na mabibigo ang hibang na pangarap ni Arrovo na mabilisang durugin ang rebolusyonaryong kilusan. Hindi

> maqaqapi nq bulok, anti-mamamayan at antinasyunal na rehimeng Arroyo at mga armadong galamay nito ang PKP, BHB at buong rebolusyonaryong kilusan na kumakatawan sa

mga pwersang pasulong, patrivotiko at maka-mamamayan. Lalong lumalalim ang galit ng mamamayan sa rehimeng Arroyo at sa mga armadong galamay nito. Sa kabilang banda,

mahiqpit nilang sinusuportahan, kinakalinga at minama-

Mga tampok sa isyung ito...

Mga aksyong-militar ng BHB sa NCMR PAHINA 4 Gawain sa bidyo sa SMR

PAHINA 7

Ka Apol, bagong mandirigma PAHINA 9

### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*